Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

7:4

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG HULYO 27, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT | ..... | PANGALAWANG PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. de Leon | ..... | Kagawad |
| *Kagalang-galang Ramon D. Tan* | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| *Kagalang-galang Angelito U. Limjuco* | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Oscar F. Feliciano | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ..... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

*DI-DUMALO*

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Romulo A. Elca | ..... | Kagawad |

**KAPASIYAHAN BLG. 146-T2009**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 24-T2009 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY POBLACION IV NA NAGKAKAHALAGA NG TATLUMPU'T DALAWANG LIBO APATNARAAN ANIMNAPU'T SIYAM NA PISO (Php32,469.00) MULA SA KAGAWARAN NG BADYET AT PAMAMAHALA SA PAMAMAGITAN NG PROYEKTONG KILOS-ASENSO SUPPORT FUND UPANG ILAAN SA CLEAN AND GREEN PROGRAM – SNAP HYDROPONIC SYSTEM (Php22,469.00) AT CONSTRUCTION OF PATHWAY SITIO V, SITIO VI (Php10,000.00) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 51-T2009/Kautusan sa Paglalaan Blg. 24-T2009 ng Sangguniang Barangay Poblacion IV na nagkakahalaga ng Php32,469.00 mula sa Kagawaran ng Badyet at Pamamahala sa pamamagitan ng proyektong Kilos-Asenso Support Fund upang ilaan sa Clean and Green Program – Snap Hydroponic System (Php22,469.00) at Construction of Pathway Sitio V, Sitio VI (Php10,000.00) ng nabanggit na barangay.

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga tuntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Ramon D. Tan (Pang. Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Roselon F. Pamatmat at John Carlos C. delos Reyes at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kautusan sa Paglalaan Blg. 24-T2009 ng Sangguniang Barangay Poblacion IV na nagkakahalaga ng Php32,469.00 mula sa Kagawaran ng Badyet at Pamamahala sa pamamagitan ng proyektong Kilos-Asenso Support Fund upang ilaan sa Clean and Green Program – Snap Hydroponic System (Php22,469.00) at Construction of Pathway Sitio V, Sitio VI (Php10,000.00) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay Poblacion II, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kautusang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

alan T. Pamatmat
**ALAN T. PAMATMAT**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan